# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 13



**"Ito ang utos na ibinigay pa sa inyo noon pang una: mamuhay kayo ayon sa pag-ibig. At ito ang kahulugan ng pag-ibig na binabanggit ko: mamuhay ayon sa mg autos ng Diyos."**
**2 Juan 6**

## Sanayin Ang Pagmamahal

**Lumapit noon si Pedro at nagtanong sa kanya, "Panginoon, makailan kong patatawarin ang aking kapatid na pauilit-ulit na nagkakasala sa akin? Makapito po ba?" Sinagot siya ni Hesus, "Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito." (Mateo 18:21-22)**
**"Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan." (1 Peter 4: 8)**

Ngayon, ating bigyang pansin ang isang mahalagang grupo ng tao na atin lamang pinagwawalang bahala. Mga tao na nakilala natin ng lubusan dahil ating nakasama sa isang bubong, sa isang higaan, sa isang hapag-kainan, sa isang trabaho, at maging sa isang pananampalataya. Ito ay ang mga taong nakasama natin dati at kasamang gumugol ng magagandang panahon, ngunit ngayon ay atin na lamang silang tinalikdan. Ilan sa kanila, kung ating susuriin, ay ang dating asawang lalaki o ang hiniwalayang asawang babae; ang pinakamamahal na anak na babae o nawawalang anak na lalaki, o mga kapatid. Ang mga taong ito ay nagkaroon ng mahalagang bahagi at relasyon sa ating buhay: Ugnayang pinuno-manggagawa, amo-katulong, anak-magulang, guro-mag-aaral, at iba pa.

Ano ang sanhi ng ating pagkahiwalay sa kanila? Maaaring nagkasala sila sa atin o tayo ang nagkasala laban sa kanila. Maaaring hindi tayo naging tapat, o dinungisan nila ang ating relasyon. Maaring pinangakuan nila tayo ngunit hindi tinupad. Maaaring siniraan tayo, pinagtaksilan, pinagbintangan, o nagreklamo laban sa atin. Maaari ding nainggit, sinaktan, o ipinagtabuyan tayo. Maaring inagawan tayo ng posisyon, niyurakan ang ating dangal, ginawan tayo ng masama, minura, inalipusta, nilait, o ninakawan tayo. Napakaraming kasalanan, mga tinik, at dakut-dakot na alikabok! Habang binubungkal ay lalong lumalalim, habang patuloy na naghahanap ay lalong dumarami ang natatagpuan. At ang talaan ay lalong humahaba at magpapatuloy hanggang sa matagpuan ang bilang na pitumpu't pito.

Gagamitin natin si Simon Pedro bilang halimbawa sa ating pag-uusap. Sa Mateo 18:10, inumpisahan ni Hesus ang paksa ng pagpapatawad. Isinalaysay ang talinghaga ng nawalang tupa, na naghahayag ng walang kupas na pagmamahal ng Diyos. Pagkatapos, patuloy Niyang iminungkahi ang alituntunin na dapat sundin kung ang isang kapatid ay nagkasala laban sa atin. Una, kailangang umpisahan sa sarilinang pag-uusap. Kung walang tugon, kumuha ng isa o dalawang saksi. At kung hindi pa rin siya tutugon isangguni ang kaso sa iglesya. Ngunit kung sa lahat ay wala pa ring katugunan, ituring na siya bilang isang Hentil o isang publikano (na ang ibig sabihin ay hayaan muna siya ngunit patuloy na ipanalangin, at subukan na kausapin sa ibang pagkakataon). Sa paksang ito ng pagpapatawad na

isiniwalat ni Hesus, mayroon Siyang iminumungkahi at iyon ay ang 'igawad ang pagpapatawad kung saan ikaw naman ay may kakayahang magpatawad.' "*Ang nakataas na kamay ay ayos ng may kakayahan."*

Ngunit ang tanong ni Pedro ay ganito: "Paano kung siya ay tumugon at nagsisi ngunit nagkakasala muli, ilang beses ko siyang patatawarin?" Ayon sa mga komentaryo, pinapahintulutan ng mga tagapagturo ng kautusan ang isang taong nagkasala na humingi ng handog ng pagpapatawad ng maka-tatlong beses. Ngunit humigit pa doon si Pedro at itinanong kung maka-pitong beses ba siyang magpatawad. Marahil ay naalala niya ang ganap na bilang (7) ng Dios. May habag si Pedro sa kanyang puso at iyon ay mabuti. Ngunit itinuro ni Hesus ang paksa ng pagpapatawad sa paggamit ng isa pang talinghaga, ang tungkol sa lingkod na di marunong magpatawad. (Mateo 18:23-35).

Ang pananaw sa talinghagang ito si Hesus tungkol sa kaharian ng Dios ang nais naming ipatuloy na ibahagi sa inyo: Ang kaharian ng Dios ay binuksan ng *"tungkod ng pagpapatawad."* Samakatuwid, isinasaayos ng Panginoon ang Kanyang mga anak sa panuntunan ng pagpapatawad. Sa talinhagang ito, nagpatawad ang hari ng buong-buo sa lahat ng utang ng kanyang lingkod. Ngunit hindi nagawang magpatawad ng lingkod na iyon sa kapwa niya alipin na nagkautang at nagmamakaawa din sa kanya. At nang malaman ng hari na ang lingkod na kanyang pinatawad ay tumangging ipagpaliban ang utang ng kapwa niya lingkod, nagalit siya sa masamang lingkod, at ipinag-utos sa bantay ng bilangguan na

ito'y hagupitin. At tinapos ni Hesus ang talinhagang ito sa ganitong pangungusap, **"Gayon din naman ang gagawin sa inyo ng aking Ama na nasa langit, kung hindi ninyo patatawarin sa inyong mga puso, ng bawa't isa ang kaniyang kapatid." (Mateo 18:35)**

Kaibigan, kung iyong inaakala na hinahatulan kita sa iyong di pagpapatawad sa mga taong nakapaligid sa iyo, hindi ito ang mensahe at hindi ito ang ibig ipakahulugan ni Hesus sa talinghaga, dahil ang kalooban o plano ng Dios ay huwag tayong maparusahan. Ngunit, bakit gumamit ang Panginoon ng ganoon kabigat na pananalita? Ano ang gusto Niyang ilagay sa ating mga puso?

Ang pagpapatawad ay isa sa mga mahalagang bahagi na kapangyarihan ng Dios. Pinaratangan si Hesus ng mga tagapagturo ng kautusan ng paglapastangan dahil sinabi Niya sa lalaking paralitiko, **"ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na".** Ang kanilang katanungan ay kung kanino nanggaling ang kapangyarihan ni Hesus na magpatawad ng kasalanan, dahil ang pagpapatawad ay sa Dios lamang! Gumamit si Hesus ng matinding pananalita sa talinghagang nabanggit dahil ninanais ng Dios na tayo ay magsanay sa pagpapatawad. Ang Kanyang biyaya ay atin nang natanggap kung kaya't kailangan din nating ibigay sa iba. Ito ang ating kapangyarihan na ipinagkaloob ng Dios sa atin upang ipamahagi din sa mga taong nakapaligid sa atin. Ang espiritu ng pagpapatawad ay kapangyarihan ng pagkakasundu-sundo sa lahat ng bagay. Kinakailangan natin ang pagkakasunduang ito upang maiayos ang mga bagay-bagay sa ating trabaho, pamilya, relasyon, maging ang gawain sa simbahan. Ang layunin ng Dios sa talinghaga ng walang habag na lingkod ay upang sanayin tayo na gamitin ang bagong kapangyarihan na ibinigay Niya sa atin, ang 'pagpapatawad'. Ito ay kapangyarihan at hindi bigatin! Ito ay dapat panghawakan, sundin at gamitin.

Inihambing ni Hesus ang ipinagkakaloob na pagpapatawad ni Pedro sa pagpapatawad ng Dios. Si Pedro ay nangusap bunga ng kagandahang loob at habag, ngunit ang pagpapatawad ng Dios ay higit pa doon upang ipahayag ang Kanyang walang kupas na pagmamahal. Kung ang pagpapatawad ni Pedro o ng mga tao ay nagmumula sa kagandahang-loob, ang pagpapatawad ng Dios ay nagpapatuloy sa walang-hangganang, (pitumput-pito). Upang makabuo ng ganitong larawan ng pagpapatawad kinakailangan ang karunungan, una sa lahat. Matapos ang maraming taon na pakikipanayam ni Pedro sa Panginoong Hesus tungkol sa paksa ng pagpapatawad, kanyang isinulat noong 62-64 A.D. ang talatang ito. **"Higit sa lahat, magmahalan kayo nang tapat, sapagkat ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan." (1 Peter 4: 8)** Ito ay malinaw na nagpapakita sa kanyang napatunayan, na ang malalim at tapat na pag-ibig ay kinakailangan upang matakpan o mapatawad ang lahat ng kasalanan.

Kapatid, huwag kang padaya kay Satanas na humahatak sa iyo palayo sa iyong kinalalagyan. Ikaw ay nasa katayuang laging mapagmahal at mapagpatawad. Labanan mo ang diyablo at huwag siyang bigyan ng puwang. Kung ikaw ay dapat magpatawad, gawin mo ng walang pakundangan. Huwag mo nang lagyan ng asin ang sugat! Ibigay ang pamahid ng pagpapatawad sa mga wasak na relasyon, at mga sugatang puso. **"Huwag mong ikait ang mabuti sa kinauukulan, pagka nasa kapangyarihan ng iyong kamay na ito'y gawin. Huwag mong sabihin sa iyong kapuwa, Yumaon ka, at bumalik uli." (Proverbs 3:27-28)**

***Mga kapatid,*** wala ng oras upang sayangin pa. Tayo ay lumapit muli sa krus ng kalbaryo upang tayo ay mapuspos ng pagmamahal ng Panginoong Hesus. Ang oras ay huwag nang sayangin. Dapat tayong manumbalik sa dating kaibigan, kasama sa trabaho, sa ating mga anak, mga magulang, o asawa. Balikan natin ang mga lumang sugat at sa pamahid ng pagpapatawad ito ay maibsan. Magpatawad, at hayaan ang paralitiko ay makalakad. Magpatawad, at hayaan ang mga relasyon ay manumbalik. Magpatawad, at hayaan na ang pagsasama ng mag-asawa ay magbuklod muli, at ang pamilya ay mabuo. Magpatawad upang ang gawain ay magpatuloy, at ang iglesiya ay lumago. Ang ganap na biyaya at pagpapala ng Panginoong Dios ay sumainyo.